

Programang pangnutrisyon inilunsad ng DOST-FNRI sa Bulacan

Ni Alexis M. Ortiz
S&T Media Service, DOST-FNRI



koreaneonline.blogspot.com

"Ang kabataan ang pag-asa ng bayan" ay isang kasabihang nagbibigay halaga sa papel nilang ginagampanan sa ating bansa. Subalit sa panahong ito, napakaraming problema ang pinagdaraan ng mga kabataan na nagiging sagabal upang magampanan nila ang kanilang mahalagang papel. Isa na rito ang kakulangan sa nutrisyon.

Bilang tugon sa problemang ito, naglunsad ang Department of Science and Technology (DOST), sa pangunguna ng Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI), ng isang programa na naglalayong mabawasan ang problemang dulot ng malnutrisyon. Tinawag

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

DOST siguraduhing ligtas ang Romblon at mga karatig-bayan.....	p2
Mga katangi-tanging science project ng mga estudyante, kinilala sa BPI-DOST awards.....	p3
Inventor of the Year Award, isinusulong ng mga lokal imbentor.....	p4
Larawanews.....	p4

DOST mangunguna sa malawakang disaster preparedness



DOST Secretary Mario G. Montejo

news.pia.gov.ph

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Pangungunahan ng Department of Science and Technology (DOST), sa pakikipagtulungan ng Department of Interior and Local Government (DILG) at Office of the Civil Defense (OCD) ang unang bahagi ng regional disaster information campaign na pinamagatang "Iba na ang Panahon! Science for Safer Communities" sa Marso 3 sa Oxford Hotel, Lungsod ng Angeles, Pampanga.

Ang pagpupulong ay dadaluhan ng mga opisyal mula sa lokal na pamahalaan kabilang na ang mga disaster risk reduction manager ng Gitnang Luzon upang bigyang kaalaman hinggil sa pinakahuling impormasyon, kagamitan, at teknolohiya ukol sa mga posibleng epekto ng mga sakuna sa kanilang mga sinasakupan at ang pagkakaroon ng mga tamang hakbang at komunikasyon sa gitna ng mga kalamidad.

Layunin ng nasabing pagpupulong na palakasin ang kaalaman ng mga lokal na pamahalaan sa paghahanda sa mga paparating na kalamidad.

Sa kanyang mensahe, ipinaliwanag ni DOST Secretary Mario G. Montejo na ang Iba na ang Panahon! "embraces the change in our seasonal climate and weather patterns and the severity of the impact of weather-related natural hazards in the country." Dagdag pa ni Sec. Montejo na tampok sa pagpupulong ang pagkakaroon ng mga makabagong kagamitan gaya ng high resolution map at flood modeling solutions upang makagawa ng mas pinahusay na pagtataya ng panahon hanggang sa mga komunidad.

Mga inisyatiba mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno

Sa paglulunsad ng nasabing kampanya, ang pamahalaan ay maglalaan ng kaakibat

sundan sa pahina 2

DOST sisiguraduhing ligtas ang Romblon at mga karatig-bayan

Ni Joy M. Lazcano

S&T Media Service, DOST-STII

Nakatakdang bisitahin naman ng Department of Science and Technology (DOST) sa pakikipagtulungan ng Department of the Interior and Local Government at Office of the Civil Defense ang Romblon State University, ang lalawigan ng Romblon para sa ika-apat na yugto ng “Iba na ang Panahon! Science for Safer Communities” (INAP-S4SC).

Ang dalawang araw na pagtitipon ay magbibigay ng dagdag na kaalaman sa mga local chief executive at maging ang mga provincial disaster risk reduction managers tungkol sa mga nakaambang panganib o hazard sa kanilang mga kinasasakupan. Ang pagtitipon ay magtatampok ng mga science-based tool para sa mas wastong pagtaya ng panahon gaya ng high resolution map at flood modeling software na tutulong sa lokal na pamahalaan upang mabawasan ang bilang ng mga nasasawi at nasasalantang ari-arian dulot ng mga kalamidad.

Pangungunahan ng mga dalubhasa mula sa Philippine Atmospheric, Geophysical, and

Astronomical Service Administration, Philippine Volcanology and Seismology Institute, at Nationwide Operational Assessment of Hazards o Project NOAH ang mga usaping may kinalaman sa mga panganib dulot ng mga kalamidad at ang mga paraan at makabagong kagamitan upang makaligtas at mabawasan ang mga biktima ng mga sakuna.

Ayon kay Science Secretary Mario G. Montejo, “dapat nating isa-isa ang Iba na ang Panahon! At tiyak na mayroong mga pagbabago sa ating klima at malaki ang epekto nito sa atin at sa hinaharap.”

Ang nasabing pagtitipon ay magkakaroon ng mga workshop hinggil sa pinakabagong kagamitan para sa disaster management at magkakaroon din ng mga pagsasanay sa scenario-building para sa mga lokal na opisyal ng bawat bayan at munisipalidad upang makagawa ng mga area-specific disaster protocol kapag mayroong kalamidad.

Dagdag pa ni Sec. Montejo na nais ng pamunuan ng DOST na madagdagan ang

kaalaman sa mga panganib na dulot ng mga kalamidad lalo na ng mga pinuno ng lokal na pamahalaan at ang bawat komunidad at maging epektibo ang komunikasyon at pagbibigay babala maging ang kakayahang umakasyon kapag mayroong sakuna.

Sa pamamagitan ng INAP-S4SC ay madadagdagan ang kaalaman ng mga lokal na opisyal upang makagawa ng tamang pagpapasya sa gitna ng mga kalamidad sa tulong na rin ng mga makabagong teknolohiya at episyenteng paraan ng pagbibigay ng impormasyon sa bawat komunidad.

“Inaasahan namin na sa pamamagitan ng INAP-S4SC, ang bawat pinuno—magmula sa mga alkalde hanggang sa mga purok leader—ay makagagawa ng tamang aksyon kung may kalamidad sa kanilang kinasasakupan at ating maabot ang zero casualty at minimal na pinsala,” pahayag ni Montejo.

Katapos lamang ganapin ang INAP-S4SC sa mga lungsod ng Angeles, Pampanga, Lipa, Batangas, at Cagayan De Oro

Programang pangnutrisyon...

Mula sa pahina 1

itong Malnutrition Reduction Program (MRP).

Layunin ng MRP na mabawasan ang paglaganap ng malnutrisyon sa mga sanggol na may anim na buwan hanggang tatlong taong gulang. Itinuturing ang yugtong ito sa buhay ng mga bata na pinaka-kritikal dahil kung anumang pinsala ang natamo nila sa panahong ito ay hindi maiwawasto pa at panghabambuhay na ang masamang epekto.

Isa sa dalawang bahagi ng MRP ay ang DOST PINOY o Package for the Improvement of Nutrition of Young Children. Dito ay nakapaloob

ang pagsasagawa ng feeding program gamit ang mga complementary foods na ginawa ng DOST-FNRI tulad ng rice-mungo blend at curls sa loob ng 120 araw para sa mga batang anim na buwan hanggang bago magtatlong taong gulang.

Kaakibat ng feeding program ay ang edukasyong pangnutrisyon para sa mga ina at mga tagapag-alaga na may anim na modyul kasama ang basic nutrition, breastfeeding, complementary feeding, meal planning, safe food handling and preparation at backyard vegetable gardening.

Ilang mga bayan at lalawigan na sa buong bansa ang naki-bahagi at nakinabang sa programa. Ang pinakahuli ay ang mga bayan ng Plaridel at Pulilan sa Bulacan.

Inilunsad ang DOST Pinoy sa mga nabanggit na bayan noong nakaraang taon na pinangunahan nina Kalihim Mario G. Montejo at Dr. Mario V. Capanzana, Direktor ng DOST-FNRI. Ang programa ay malugod na tinanggap ng mga pinuno ng dalawang bayan at sinaksihan ng mga Lingkod Lingap sa Nayon, ang katumbas ng Barangay Nutrition Scholars sa ibang lugar.

DOST mangunguna ...

Mula sa pahina 1

na tulong upang mapalakas ang kakayahan ng mga komunidad upang humarap sa mga kalamidad na tulad ng bagyong Yolanda.

Ayon kay Sec. Montejo, ang mga kaanib na ahensya ng pamahalaan ay ibabahagi ang kanilang kakayahan sa 17 rehiyon mula Marso 3 hanggang Mayo 23, upang paghusayin ang kakayahan ng lokal na pamahalaan sa pagharap sa mga kalamidad mula sa risk monitoring, hanggang pagpapalano at kaakibat na aksyon.

“We will teach them how to put science in disaster planning and preparation,” pahayag ni Sec. Montejo.

Dagdag pa ni Montejo na ang lahat ng mga opisyal ng lokal na pamahalaan ay inaatasang dumalo sa nasabing pagpupulong.

“We had been able to draw up scenario-based strategies and protocols in dealing with calamities, from warning, response, to rehabilitation. We are bringing them down to the provinces and municipalities, and there’s no other time to start than now. Summer is just around the corner, and we would rather make hay while the sun shines,” paliwanag pa niya.

Pangungunahan ng DOST ang pagbibigay ng mga kaalaman hinggil sa disaster technologies habang ang DILG at OCD ang magtuturo ng tamang pagpapalano ayon na rin sa mga siyentipikong datos.

“Our objective is to increase the local risk knowledge of the local executives and the people in their communities,” pahayag ni

Montejo. “Capacitate them to do an effective monitoring of a looming calamity, test their warning and communication protocols, and build their response capabilities.”

Inaasahan na matapos ang pagpupulong ay mapabubuti na ang kakayahan sa pagdidisyon ng lokal na pamahalaan ukol sa mga hakbang nito kapag mayroong sakuna.

“After these workshops, we expect local leaders and their communities to respond to our early warnings. As we have been doing, we will continue providing early warnings, and we expect them to give early actions to attain zero, or only minimal damage and casualties whenever a calamity hits them,” wika ni Montejo. (Impormasyon mula kay Framelia V. Anonas, S&T Media Service, DOST-STII)

Mga katangi-tanging science project ng mga estudyante, kinilala sa BPI-DOST awards

Ni Maria Theresa A. Ronato
S&T Media Service, DOST-STII

Tatlong estudyante sa kolehiyo ang nakakuha ng pagkilala mula sa BPI-DOST Science Awards noong nakaraang Marso 2014 sa Mind Museum, Bonifacio Global City, Lungsod ng Taguig.

Kabilang sa mga kinilala ay sina Alexander John Cruz, isang estudyante ng Chemical Engineering ng University of the Philippines-Diliman at ang nakakuha ng grand prize para sa kanyang proyekto na pinamagatang "Design and Field Testing of Plasma-Enhanced Optical Fiber Reactor For Hydrogen Production via Visible Light-Driven Photocatalytic Water-Splitting."

Ang kanyang pag-aaral ay nagpapakita ng produksyon ng hydrogen habang ang tubig ay dumadaloy sa reactor na gumagamit ng ilaw bilang separator. Ang teknolohiya ay maaring gamitin para sa power generation o bilang source ng renewable energy. Ang kanyang pag-aaral ay napakahalaga sapagkat ang bansa ay nakararanas ng limitadong supply ng enerhiya.

Bilang grand winner, si Cruz ay nakakuha ng P50,000 cash prize mula sa BPI Foundation at graduate scholarship grant mula sa Science Education Institute ng DOST.

Si Jessa Marie Makabenta naman na isang BS Chemistry student mula sa University of the Philippines-Los Baños ay tinanghal bilang first-runner up para sa kanyang proyekto na may pamagat na "Sodium Caseinate Encapsulation of Coconut-oil Extracted Astaxanthin Controlled Release." Ang kanyang pag-aaral ay para sa pagpapabuti ng katangian ng "Astaxanthin," isang chemical drive mula sa dumi ng hipon na nagbibigay benepisyo sa nutraceutical, cosmeceutical, at aquaculture industries.

Ang second runner-up naman na si Kevin Colina, isang estudyante ng BS Computer Science mula sa University of San Carlos sa Lungsod ng Cebu, ay kinilala para sa kanyang proyektong pinamagatang "Electronic-Storybook Creator with Cebuano Natural Language Processing-Based Animation for Kindergarten Educators." Ang storybook ay ginawa bilang tugon sa pagkakaroon ng K+12 Basic Education Program na idinisenyo upang tulungan ang mga guro sa paggamit ng nakasanayang wika sa pagtuturo ng mga aralin.

Si Colina ay nakatanggap ng cash prize na P10,000.

Samantala, mayroong 29 na mga studyante mula sa sampung unibersidad ang nakapasok sa listahan at nakakuha ng premyong P25,000 bawat isa. Sa 29, pitong finalist ang napili at tatlo ang nakakuha ng pagkilala matapos ang



Pinangunahan nina Alexander John Cruz, grand winner (gitna), Jessa Marie Makabenta, 1st runner up (pangalawa mula sa kaliwa); at Kevin Colina, 2nd runner up (pang-apat mula sa kaliwa) ang mga mag-aaral mula sa iba't ibang sulok ng bansa na nagpamalas ng kagalingan sa pananaliksik sa katatapos lamang na BPI-DOST Science Awards. Kasama rin sa larawan sina DOST Undersecretary Fortunato T. de la Peña (dulong kaliwa) at BPI Foundation, Inc. President Cezar Consing. Ang BPI-DOST Science Awards ay nasa ika-25 taon nang kumikilala sa kakayahan ng mga kabataan sa larangan ng pananaliksik. (Larawan ni Maria Judith L. Sablan, S&T Media Service, DOST-STII)

presentasyon ng kanilang science project sa harap ng isang panel of judges sa umaga ng parangal.

Sa kanyang mensahe, binigyang-diin ni DOST Undersecretary for S&T Services Fortunato T. de la Peña ang pangangailangan ng bansa na palakasin ang S&T manpower nito. Kanyang binati ang mga nagwagi kasama ang mga finalist sa nasabing pagkilala at hinikayat ang mga ito na ipagpatuloy ang kanilang interest sa science and technology upang makatulong sa bansa.

"By recognizing our young researchers' innovative works, we hope to encourage many others to follow their path and pursue research," wika ni Usec de la Peña.

Pinasalamatan din niya ang BPI Foundation para sa tulong nito sa pagpapalakas ng S&T manpower ng bansa sa nakalipas na 25 taon.

Ang BPI-DOST Science Awards ay dinaluhan din ni Roselle Ambubuyog, ang kauna-unahang Filipino na may kapansanan na nagtapos bilang summa cum laude at isa ring dating BPI-DOST awardee. Sa kanyang mensahe, idinitalyeh niya ang kanyang mga pinagdaanan sa pagpapatuloy ng kanyang pag-aaral. "Given the right tool, nobody is handicapped," paliwanag ni Ambubuyog.

Ang BPI-DOST Science Awards, na kung saan ay nasa ika-25 taon nito, ay naglalayong

hikayatin ang mga mag-aaral na nagnanais maging siyentipiko at mananaliksik na gumawa ng mga mahahalagang pag-aaral na mayroong kinalaman sa agham at teknolohiya.

Ang pagpapalakas ng S&T manpower ng bansa ay isa sa mga layunin ng DOST upang makatulong sa pagpapalago ng ekonomiya sa pamamagitan ng agham at teknolohiya. (Impormasyon mula kay Maria Judith L. Sablan,

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalaing ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148



Ang mga pinuno ng Filipino Inventors Society Luzon Chapter sa nakaraang General Membership Meeting and Annual Assembly sa DOST Executive Lounge (Larawan mula kay Ceajay Valerio, S&T Media service, DOST-STII).

Inventor of the Year Award, isinusulong ng mga lokal imbentor

NI Graciela R. Sales
S&T Media Service, DOST-STII

Isinusulong ng Filipino Inventors Society (FIS) sa Senado ang pagkakaroon ng taunang parangal sa mga natatanging Filipino inventor sa pamamagitan ng “Inventor of the Year Awards”.

Ito ang ipinahayag ni FIS Luzon Chapter Vice-President Manuel R. Dono, sa naganap na General Membership Meeting and Annual Assembly ng grupo noong nakaraang buwan sa Department of Science and Technology (DOST) Executive Lounge, DOST Compound, Lungsod ng Taguig.

Ang FIS ay isa sa pinakamatandang organisasyong kinikilala ng pamahalaan at sinusuportahan ng DOST sa pamamagitan ng Technological Application and Promotion

Institute, isang ahensya sa ilalim ng DOST.

Sinimulan na ng organisasyon ang proseso ng pagpili ng kauna-unahang imbentor na pararangalan para sa taong ito. “We would want to monitor the progress of the inventions of all inventors who would want to vie for the honorable slot given to any inventor for that matter,” pahayag ni Dono

Dagdag pa ni Dono na sa susunod nitong board meeting, ang FIS ay gagawa ng timetable at mga pamantayan para sa parangal at pag-uusapan din ang mga premyong ibibigay.

“If [somebody] qualifies, then we have to assess and re-assess if the qualifications are really right as far as the criteria are

concerned,” paliwanag ni Dono. “Of course we will be asking some government agencies, including DOST’s Science and Technology Information Institute, to help us in assessing and coming up with a good nominee for the position.”

Sa puntong ito, ang FIS ay meron ng mga napiling kuwalipikadong imbentor. “We have to tell them, ‘okay, you have to move faster, move decisively, to qualify,’” sabi ni Dono.

“We would want people to dream dreams and make good with their inventions. A lot of inventors have lost their enthusiasm, lost hope. It should not be like that. There is hope for as long as we live,” pagtatapos ni Dono.

LarawaNEWS



Malugod na nagpakuha ng litrato si Pangulong Benigno S. Aquino III kasama si Department of Science and Technology Region XI Director Anthony Sales (kaliwa ni Pang. Aquino), Undersecretary for Regional Operations Carol M. Yorobe (pangalawa mula kanan), at Assistant Regional Director for Technical Services Elsie Mae Solidum sa katatapos na 16th Philippine Quality Award (PQA) Conferment Ceremony na ginanap sa Rizal Hall ng Malacañan Palace. (Larawan mula kay Benhur Arcayan, Malacañan Photo Bureau)